POWERLINES

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF FLECO, INC.



VOLUME 2026 ISSUE NO. II [APRIL TO JUNE 2026]

Dobleng tagumpay para sa FLECO: Bagong gusali at 25-year franchise, batas na



Lumban, Laguna - Isang mahalagang yugto sa kasaysayan ng First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO) ang minarkahan sa pamamagitan ng blessing at ribbon-cutting ceremony ng bagong FLECO Multi-Purpose Building sa Lumban, Laguna noong Abril 30, 2026.

Higit na naging makahulugan ang okasyon sa pagdiriwang ng franchise renewal ng FLECO, na magbibigay sa kooperatiba ng karagdagang 25 taon upang ipagpatuloy ang paghahatid ng maaasahan, episyente, at de-kalidad na serbisyo sa mga komunidad na saklaw nito sa Laguna, sa bisa ng Republic Act 12278 na ganap nang batas noong Setyembre 7, 2025.

Pinangunahan ang programa ng panauhing pandangal na si Atty. Omar Mayo, Deputy Administrator ng National Electrification Administration (NEA), kasama sina Fiscal Atty. Ramil De Jesus, FLECO Board of Directors, at mga empleyado sa pangunguna ni General Manager Engr. Richard Mondez.

Ipagpapatuloy sa pahina 2...

Dobleng tagumpay para sa FLECO: Bagong gusali at 25-year franchise, batas na



Pagpapatuloy...

Sa kanyang mensahe, hinikayat ni Atty. Mayo ang mga opisyal at empleyado ng kooperatiba na lalo pang pagbutihin ang kanilang paglilingkod at panatilihin — kung hindi man higitan — ang kasalukuyang magandang kalagayan ng FLECO. Binigyang-diin niya na ang patuloy na dedikasyon sa serbisyo ay mahalaga upang mas mapalakas pa ang kooperatiba at mapalawak ang benepisyong natatanggap ng mga miyembro nito.

Samantala, ibinahagi naman ni Engr. Mondez na hindi naging madali ang paglalakbay ng FLECO tungo sa matagumpay na pagsasabatas ng karagdagang 25 taong prangkisa. Aniya, maraming hamon at pagsubok ang pinagdaanan ng kooperatiba bago makamit ang mahalagang tagumpay na ito. Dahil dito, nagpahayag siya ng taos-pusong pasasalamat sa lahat ng mga naging katuwang at sumuporta sa FLECO sa buong franchise renewal journey nito.

Samantala, ang bagong Multi-Purpose Building ay magsisilbing sentro ng iba't ibang programa, pagsasanay, pagpupulong, at aktibidad para sa mga Member-Consumer-Owners (MCOs) at mga empleyado ng kooperatiba. Inaasahan na higit nitong mapapalakas ang pakikipag-ugnayan at paghahatid ng serbisyo sa mga miyembro ng FLECO.





Ang sabayang pagdiriwang ng pagpapasinaya ng bagong gusali at franchise renewal ay sumasalamin sa patuloy na paglago at matatag na kinabukasan ng kooperatiba. Higit sa isang imprastraktura at prangkisa, ang mga tagumpay na ito ay bunga ng pagtutulungan, pagtitiwala, at walang sawang suporta ng bawat MCO na patuloy na nagbibigay-lakas sa misyon ng FLECO na maghatid ng liwanag at serbisyo sa mga pamayanang pinaglilingkuran nito.



Bagong 20 MVA Kabulusan Substation, fully operational na

Gumagana na ang bagong 20 MVA Kabulusan Substation ng First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO), isa sa pinakamalalaking proyektong sinimulan ng kooperatiba noong 2025.

Ang ikaanim na power substation na ito ng FLECO sa Pakil, Laguna ay nakapagdagdag ng kapasidad sa kooperatiba upang makapagserbisyo sa mas marami pang Member-Consumer-Owners (MCOs) sa baybay area ng lalawigan.

Sa substations dumaraan ang kuryente mula sa transmission lines at naghahatid ng serbisyo sa end-consumers ng electric cooperative.







Libo-libong MCOs, dumalo sa 35th AGMA ng FLECO





Kasabay ng pagdiriwang ng ika-53 anibersaryo ng First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO) nitong Abril, matagumpay na idinaos ang 35th Annual General Membership Assembly (AGMA) noong Abril 11, 2026 — ang pinakamalaking taunang pagtitipon ng Member-Consumer-Owners (MCOs) ng koop sa Ikaapat na Distrito ng Laguna.

Humigit-kumulang 7,000 MCOs ang dumalo sa magkahiwalay na venue sa Siniloan Town Plaza at FLECO Lumban Covered Court upang makibahagi sa makabuluhang programang nagsilbing pagkakataon para sa pagbabahagi ng mahahalagang ulat, mga tagumpay ng kooperatiba, at mga planong nakalaan para sa mga konsumidores at sa operasyon nito.

Nagbigay ng mensahe ng inspirasyon ang panauhing pandangal na si Cong. Benjie C. Agarao, kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna.

Nagdagdag din siya ng mga espesyal na raffle prizes para sa mga dumalo sa Lumban venue bilang suporta sa taunang pagtitipon ng kooperatiba.

Nagpaabot din ng kanilang suporta sina Mayor Patrick Ellis Go ng Siniloan at Mayor Belen Raga ng Lumban, na kapwang nagpahayag ng pagkilala sa mahalagang papel ng FLECO sa patuloy na pag-unlad ng mga komunidad na saklaw nito.

Ipagpapatuloy sa pahina 5...





Pagpapatuloy... (Libo-libong MCOs, dumalo sa 35th AGMA ng FLECO)









Bahagi rin ng programa ang taunang business meeting at ang oathtaking ceremony ng mga bagong halal na Board of Directors, na hudyat ng panibagong yugto ng pamumuno para sa kooperatiba.

Naging tampok din sa pagdiriwang ang inaabangang grand raffle draw kung saan daan-daang MCOs ang nag-uwi ng iba't ibang papremyo, kabilang ang brand-new appliances, e-bikes, at tricycles.

Higit pa sa isang taunang pagtitipon, ang AGMA ay nagsisilbing mahalagang plataporma para sa pakikipag-ugnayan ng FLECO sa MCOs nito— isang pagkakataon para magbigay-ulat at diskusyon para sa pagkakaisa ng komunidad, at magbalik ng pasasalamat sa mga miyembrong patuloy na sumusuporta at nagtitiwala sa kooperatiba sa loob ng mahigit limang dekada.





37 Paaralan sa Laguna, Natulungan ng FLECO sa Brigada Eskuwela 2026

Bilang pakikiisa sa pambansang programa ng Department of Education (DepEd) para sa paghahanda ng mga paaralan bago ang pagbubukas ng klase, muling nakiisa ang First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO) sa Brigada Eskuwela 2026 sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga kagamitang makatutulong sa pagsasaayos ng mga silid-aralan.

Kabuuang 37 pampublikong elementarya at mataas na paaralan sa loob ng franchise area ng FLECO ang napagkalooban ng mga pintura at iba pang materyales na maaaring gamitin sa pagkukumpuni at pagpapaganda ng kanilang mga pasilidad.

Ang nasabing aktibidad ay bahagi ng taunang Corporate Social Responsibility (CSR) Program ng FLECO na pinangangasiwaan ng Institutional Services Department.

Layunin nitong makatulong sa paglikha ng mas ligtas, maayos, at kaaya-ayang kapaligiran para sa mga mag-aaral at guro sa pagsisimula ng panibagong taon ng pag-aaral.

Ayon sa FLECO Management, ang patuloy na pakikilahok sa Brigada Eskuwela ay pagpapakita ng suporta nito sa sektor ng edukasyon at pagkilala sa mahalagang papel ng mga paaralan sa paghubog ng susunod na henerasyon.

Sa pamamagitan ng simpleng ambag na ito, muling pinagtibay ng koop ang pangako na maging katuwang ng komunidad hindi lamang sa paghahatid ng maaasahang serbisyo ng kuryente, kundi maging sa mga programang nagtataguyod ng pag-unlad at kapakanan ng mga kabataan.

FLECO MCOs na maagap magbayad ng bills, panalo sa Papremyo sa Resibo Electronic Raffle Draw

Umabot sa 65 Member-Consumer-Owners (MCOs) ang nanalo ng iba't ibang papremyo tulad ng brand-new appliances at FLECO vouchers for electricity bills sa isinagawang Mid-Year Papremyo sa Resibo Electronic Raffle Draw nitong June 5, 2026, sa pamamagitan ng Facebook live sa official page ng koop.

Awtomatikong kasali sa raffle draw ang MCOs na nakapagbayad at hindi lumagpas sa due dates mula Enero 1 hanggang Hunyo 4, 2026 sa anumang payment channel, kabilang ang mga opisina ng kooperatiba, collection partners, at online facilities.

Sa sistemang ito, wala nang raffle stubs na kailangang i-register o ihulog dahil electronic na ang entry ng mga kasali.

Nilinaw din ng FLECO na walang kaugnayan ang raffle draw sa anumang pagtaas ng power rates, at ito ay bahagi ng Corporate Social Responsibility (CSR) programs bilang pasasalamat sa patuloy na suporta ng MCOs.

Ayon sa kooperatiba, layunin ng programang kilalanin ang maagap na pagbabayad at makapagbigay ng munting gantimpala at tulong sa komunidad, habang patuloy na isinusulong ang transparency sa lahat ng inisyatiba ng FLECO.













Pagpapalipat ng FLECO account name, libre simula ngayong Hulyo

Magsasagawa ang First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO) ng Change Name Caravan simula ngayong Hulyo 2026 para sa mga nagnanais mailipat sa kanilang pangalan ang FLECO account na kanilang ginagamit.

Libre ang proseso at bukas ito sa mga kamag-anak ng pumanaw na MCO o sa mga bagong may-ari ng ari-ariang may umiiral nang serbisyo ng kuryente.

Libre rin ang pagre-reprint ng FLECO membership IDs ng MCOs na nagnanais ng updated na bersyon nito.

Mababasa ang kumpletong detalye at requirements para mailipat ang pangalan sa pamamagitan ng Change Name Caravan sa susunod na pahina (*page 8*).

MCO Corner

Change Name Caravan

LIBRENG PAGPAPALIPAT NG FLECO ACCOUNT NAME

Schedule

July 22-24, 2026	FLECO Paete Office
August 24-28, 2026	FLECO Pakil Office
September 21-25, 2026	FLECO Famy Office
October 12-16, 2026	FLECO Sta. Maria Office
Every Monday to Friday	FLECO Main Office, Lumban

Sino-sino ang dapat magpalipat ng pangalan?

- Kamag-anak o sinumang may kaugnayan sa kasaping namayapa na
- Mga nakabili ng properties na may serbisyo na ng kuryente at nagnanais mailipat sa kanyang pangalan ang electric bill

Requirements

1. **1 Valid ID (photocopy)**
2. **1 pc. 2x2 picture**
3. **FLECO Bill/Statement of Account** na papalitan ng pangalan
4. **Picture ng bahay** na papalitan ng account name (front view)
5. **Authorization letter** (kung ipaaasikaso sa iba ang proseso ng pagpapalipat, kumuha nito mula sa taong nais magpalipat ng pangalan)
6. **Proof of Ownership**


Magdala ng **ALINMAN** sa mga NAAANGKOP na dokumento:

A.) ***Death Certificate*** (ng dating kasapi) at photocopy ng Marriage Contract kung sa asawa ng namayapa ililipat ang FLECO account name

B.) ***Waiver o Authorization letter at Valid I.D. mula sa dating kasapi*** (kung buhay pa) o mula sa asawa/anak/immediate family member (kung namayapa na ang dating kasapi). Ito ay required kung ililipat sa kapamilya o ibang tao.

C.) ***Deed of Absolute Sale (photocopy)*** kung nabili ang property kasama ang kuntador/improvements.

D.) ***Notarized Sworn Affidavit o Affidavit of Ownership/Undertaking*** at iba pang dokumentong susuporta sa kahilingang mailipat ang account name.



Ipasa ang requirements sa FLECO Main Office, Lumban o sa alinmang FLECO Office kung saan may schedule ng Change Name Caravan (9:00 am - 4:00 pm).

Power Questions!



MECHANICS:

- I-like & follow ang official Facebook page ng FLECO.
- I-heart & share itong post ng Powerlines Newsletter Volume 2026, Issue No. 2 at siguraduhing naka-public ang iyong shared post.
- I-comment sa post na ito ang tamang sagot sa tatlong PowerQuestions (clue, narito sa newsletter ang mga tamang sagot):

1. **Sa bisa ng anong batas napagkalooban ng karagdagang 25-year franchise ang FLECO?**
2. **Ano ang tawag sa taunang pagtitipon ng FLECO at Member-Consumer-Owners tuwing Abril?**
3. **Sa anong pasilidad ng FLECO dumaraan ang kuryente bago ito makarating sa consumers?**

5 lucky winners of Php 500 FLECO vouchers!

POWERLINES (The Official Newsletter of FLECO, Inc.)
Corporate Communications & Social Marketing Office
National Highway, Brgy. Lewin, Lumban, Laguna 4014